

PAPEL NG IMPORMASYON

# PAGTUNTON SA NAHAWAAN NG TUBERKULOSIS

## Mga Patakaran upang Matugunan ang Tuberkulosis ng mga Bata sa Hilagang Pilipinas


### BUOD

Ang pagtunton sa mga nahawaan ng tuberkulosis (TB) o contact tracing sa mga indibidwal na nasa hustong gulang ay kinakailangan para sa masinsinang paghahanap ng mga nahawaan , lalo na sa mga batang may 15 taong gulang at pababa na kasama sa bahay ng mga naapektuhan ng TB sa loob ng tatlong buwan bago sila nasuri at nagamot. Ang pagtunton sa mga naapektuhan ng TB ay hindi pare-pareho na isinasagawa sa hilagang Pilipinas.

Upang lubusang maunawaan at matugunan ang mabigat na pasanin ng sakit na TB sa mga batang nakasama ng nakatatandang nagpositibo, ang pambansang pamahalaan at ang mga lokal na pamamahala ay kailangang maglatag ng patnubay sa pagtunton sa nahawaan at mabigyan nito ang mga manggagawa sa pangkalusugan ng sapat na kaalaman at kagamitan sa paggawa ng kanilang mga tungkulin upang mapabuti ang kalusugan ng mga mamamayan. Sa pamamagitan ng pagtunton sa nahawaan, makikilala at mabibigyan ng mga nagsanay na manggagawa sa pangkalusugan ang mga bata na pwedeng mabigyan ng agarang paggamot sa aktibong TB o nakatagong TB kasunod ng masusing pagsusuri.


## Mga Hamon: Mga Pangunahing Natuklasan Mula sa Pananaliksik

- Noong 2018, ang Pilipinas ay may halos anim na porsyentong kontribusyon sa pandaigdigang kaso ng TB at isa sa mga walong bansa na nagbigay ng dalawang-katlo sa pandaigdigang kabuuan. Taglay nito ang pang-apat na may pinakamataas na kaso ng TB sa buong mundo at kabilang sa apat na nangungunang mga bansa na may pinakamalaking agwat ng pangangalaga sa TB.[1]
- Ang mga batang edad 0-14 ang bumubuo sa 12% ng mga kaso. Batay sa isang pag-aaral na isinagawa ng isang pangkat ng mananaliksik mula sa Isabela State University, ang katumbas o ratio ng mga batang 15 taong gulang at pababa na nakasama sa bahay ng nakatatanda na nagpositibo sa TB ay 1:2, ito ay nangangahulugan na sa bawat sambahayan, hindi bababa sa dalawang bata ang apektado.[2]
- Ang mga hadlang sa mas mahusay na pagtunton sa nahawaan ay kinabibilangan ng estigma, kakulangan sa impormasyon tungkol sa TB ng mga bata, at hiya sa paghingi ng tulong sa mga manggagawa sa pangkalusugan.
- Ang pagtunton sa nahawaan ng mga nagpositibo sa TB na may edad ay hindi karaniwang isinasagawa upang makilala ang mga batang maaaring nahawaan na ng sakit na TB dahil sa kakulangan sa lohistika tulad ng transportasyon, mangagawa sa kalusugan, kakulangan sa pondo at suporta ng mga politiko. Ang aktibong paghanap ng mga may sakit na TB ay hindi karaniwang isinasagawa ng pangkalusugan, (naghihintay na lang ng mga pasyente na pumupunta sa klinika).
- Ang mga sambahayan na nabisita ay nakakatanggap ng hindi kumpletong impormasyon tulad ng kawalan ng tagubilin na magpatingin ang lahat ng kasamahan sa loob ng bahay sa opisina ng pangkalusugan (upang makakatulong sa pagtunton sa mga nahawaan). Ilan lamang sa mga lokal na sentro ng kalusugan sa hilagang Pilipinas ang nagbibigay ng impormasyon na kasama ito.
- Ang Manwal ng mga Pamamaraan ng Programa sa Pagkontrol sa TB ng Pamahalaan ng Pilipinas, ika-5 edisyon (2014) ay ang pangunahing patnubay na dokumento para sa programa ng TB sa bansa. Bagama't tinutukoy nito ang pagsisiyasat sa nahawaan, hindi kasama rito ang pagtunton sa nahawaan, at wala rin itong mga espesyal na pamamaraan para sa pagtunton ng mga batang wala pang 5 taong gulang na naapektuhan, walang pamamaraan ng pagsusuri o proseso o sistema ng pagsangguni at at hindi rin natukoy kung sino ang responsableng kawani.
- Bilang resulta ng mga hamong ito, ang tunay na pasanin o bigat ng sakit na TB sa mga bata ay minamaliit o hindi lubusang nabibigyan ng suporta sa mga lalawigan ng Kalinga, Isabela, at Pangasinan.

### MGA PANGUNAHING NATUKLASAN

**63%**

ng nakarehistrong nagpositibo sa TB na 20 taong gulang pataas ay **natunton sa kanilang mga sambahayan.**

**83%**

na mga bata na kasambahay ng mga nakakatanda na nagpositibo sa TB ay mayroong **tatlo o higit pa na mga sintomas ng TB**; lahat ay naisangguni sa klinika.

**<1%**

ng mga naisangguni na mga bata ay nakapagpasuri sa lokal **na pasilidad pangkalusugan at nabigyan** ng agarang gamutan upang malunasan o labanan ang tuluyang pagkakasakit.

#### Tatlong Pangunahing Hadlang

sa pagsusuri at paggamot ng TB sa mga bata (batay sa mga nakatatandang nagkaroon ng TB)

| **Takot** sa estigma | **Kakulangan ng kaalaman** tungkol sa TB | **Hiya** sa paghingi ng tulong |
|---|---|---|

# Mga Rekumendang Patakaran at Solusyon

Ang aktibong pagtunton sa nahawaan ay maaaring potensyal na matukoy ang mas malaking bilang ng mga apektadong bata kaysa sa kasalukuyang pasibong pamamaraan.

**Samakatuwid, dapat isaalang-alang ng mga opisyal ang mga sumusunod:**

## PAMBANSANG PAMAHALAAN

- Batay sa mga natuklasan sa pag-aaral, inirerekumenda na isama sa Manwal ng mga Pamamaraan sa TB and mga sumusunod—mga protokol para sa pagtunton ng nahawaan at bigyan agad ng agarang pagsusuri ang mga may sintomas na mga bata , at mga interbensyon upang matiyak ang agarang pagkaka-ugnay sa pangangalaga at paggamot nito.
- Pahusayin ang pagpapatupad ng mga pambansang alituntunin para sa TB ng mga bata sa Pilipinas sa pamamagitan ng pagkilala at pagtugon sa mga hadlang na nakakaapekto sa pagsusuri at paggagamot. Ang mga hadlang tulad ng kakulangan ng kaalaman at estigma, na natukoy sa pag-aaral, ay maaaring makaapekto sa pagbisita o pagpresenta sa sentro ng kalusugan o klinika ng mga magulang tungo sa kapabayaan ng mga bata na hindi mabigyan ng kaukulang gamutan para sa aktibong TB o nakatagong impeksyon sa TB. Ito ay higit na nagpapalala sa hamon ng TB sa pamayanan.

## MGA PAMAHALA ANG PANREHIYON AT LOK AL

- Pagpapalakas ng mga kakayahan at kaalaman ng mga manggagawang pangkalusugan upang mapabuti at mapahusay ang pagsangguni sa pangangalaga. Ang mga natuklasan sa pag-aaral ay nagpapakita ng limitadong pagsubaybay pagkatapos ng pagsusuri at pagsangguni, na nagpapahiwatig na ang mga sangguniang ginugol sa pagtunton sa mga nahawaan ng mga nagkasakit na TB ay hindi mapapahusay kung walang pagsisikap na gagawin ang mga lokal na pamahalaan upang matugunan ang hamong ito.
- Ang mga tanggapan ng rehiyon ay dapat maglabas ng isang memorandum na nagpapayo sa mga lalawigan ng Isabela, Kalinga, at Pangasinan na ipatupad at ituloy ang pagtunton sa mga nagpositibo sa TB upang malaman kung sino ang mga nahawaang bata sa loob ng tahanan at masubaybayan ang mga ito alinsunod sa mga alituntunin ng Pambansang Programa sa Pagkontrol ng TB at isaalang-alang ang mga natuklasan sa pag-aaral kapag bumubuo ng mga bagong mensahe at materyales para sa komunikasyon patungkol tuberkulosis para sa pagsusulong ng kalusugan.
- Ang mga Sangguniang Panlalawigan ng Kalinga, Isabela, at Pangasinan ay nararapat na magpasa ng mga batas na susuporta sa pagtunton sa nahawaan ng TB at at layuning bigyan ng tugon ang mga bata na 15 taong gulang pababa na ayon sa mga alituntunin ng Pambansang Programa sa Pagkontrol ng TB, at partikular na layon nito ang pagbibigay ng mga kagamitan sa pagsusuri at mga iba pang gamit pati na rin ang regular na pagsubaybay at ebalwasyon.
- Ang mga Punong Bayan ng mga munisipyo at lungsod ay dapat magpasa rin ng mga batas tulad ng resolusyon o ordinansa na magpapatibay at magpapatupad ng pagtunton sa nahawaan ng TB partikular na ang mga bata na kasama sa tahanan ng nagpositibong may edad na indibidwal alinsunod sa Pambangsang Programa sa Pagkontrol ng TB, partikular ang pagtatalaga ng mgatagapangasiwa upang magsagawa ng pagtunton sa nahawaan sa mga iba't-ibang barangay, magtalaga ng badyet para sa gamot ng TB at pagbibigay ng kinakailangang suporta sa lohistika upang maisakatuparan pagtunton sa nahawaan.

## MGA PAMAHALAANG PANLALAWIGAN

### NG ISABELA, K ALINGA, AT PANGASINAN

- Magmungkahi ng isang resolusyon upang matiyak na ang pagtunton sa nahawaan na mga bata ng nagpositibo sa TB na nakakatanda ay ginagawa alinsunod sa mga pambansang alituntunin. Dapat kasama sa resolusyon ang pagtutuon sa:
    - Pagpapatupad ng pagtunton sa nahawaan ayon sa protokol.
    - Tiyakin na may magagamit sa pagsusuri tulad ng mga chest X-ray at GeneXpert machine at ang mga ito ay gumagana at madaling mapuntahan.
    - Lumikha ng mga mabisang mekanismo upang matiyak ang agarang pagkaka-ugnay sa pangangalaga at paggamot kasunod ng pagtunton.
    - Subaybayan at madalas na suriin ang lahat ng mga pasilidad pangkalusugan ng munisipyo at lungsod.




### MGA PAGKILALA

Ang dokumentong ito ay ginawa ng Population Reference Bureau sa ilalim ng Research Technical Assistance Center (RTAC). Ang RTAC ay ginawang posible ng bukas palad na suporta ng mga mamamayang Amerikano sa pamamagitan ng United States Agency for International Development (USAID) sa ilalim ng mga tuntunin ng kontrata blg. 7200AA18C00057. Ang mga nilalaman ay responsibilidad lamang ng RTAC at NORC sa Unibersidad ng Chicago, at hindi kinakailangang sumasalamin ng mga pananaw ng USAID o ng gobyerno ng Estados Unidos.

Ang impormasyon sa maikling patakaran na ito ay batay sa pananaliksik na pinangunahan ni Ms. Flordeliza Bassiag sa Isabela State University at Dr. Tania Thomas sa University of Virginia. Maaabot si Ms. Bassiag sa athinaflor_isu@yahoo.com; +63 927 0491010.

Ang pananaliksik ay isinagawa sa pakikipagsosyo sa University of Virginia, Charlottesville, USA, na may pagpopondo mula sa USAID sa pamamagitan ng Partnerships for Enhanced Engagement in Research (PEER) Co Ag AID-OAA-A-11-00012.

Nais kilalanin ng pangkat ng mananaliksik ang mga Panrehiyong Sentro ng Pag-unlad ng Kalusugan ng Rehiyon 1, 2, at Administratibong Rehiyon ng Cordillera; ang mga Pamahalaang Panlalawigan ng Isabela, Kalinga, at Pangasinan; mga Lokal na Bayan at Lungsod; at mga kalahok sa pagsasaliksik.


### MGA SANGGUNIAN


1. World Health Organization (WHO), *The Global Tuberculosis Report 2019* (Geneva: WHO, 2019).
2. Flordeliza Bassiag, et al., "Paggamit ng Pagtunton sa Nahawaan upang Masuri ang mga Hadlang sa Diagnosis at Paggamot at Mapaunlad ang isang Pang-edukasyon na Kampanya sa Nakapalibot na Tuberkulosis ng Pagkabata sa Hilagang Pilipinas," Isabela State University, parating sa 2021.



*© 2020 Population Reference Bureau. Nakalaan ang lahat ng karapatan.*


*Larawan sa harap ng pahina ni Austin Nicomendez.*
*Larawan sa likod ng pahina ni Charlein Gracia.*